June 2009 8 pages / Vol. 7 / No. 4 email: coc.dakom@yahoo.com website: www.dakom.tk

LE VOGUE 2009

Turn to page 2

Drama fest 2009

Turn to page 3

THE COMMUNICATOR
Serve the students, seek the truth
THE OFFICIAL STUDENT PUBLICATION OF PUP COLLEGE OF COMMUNICATION

Mangkokolum
Single Ladies Edition

Turn to page 6



Literary

Turn to page 7

Saganang Amin

Turn to page 6

"Global Financial Crisis"

Paghanap ng silong

By: Kier Gideon Paolo Gapayao



Hindi maipagkakaila ang laki ng impluwensiya ng bansang Amerika sa Pilipinas. Halimbawa ng mga bakas na ito, maging sa katapusan ng ating pagiging kolonya ni Uncle Sam, ay ang pagkakatali ng lokal na ekonomiya nito. Noong mga huling buwan ng taong 2008 ay nagsimula ang tinatawag na Global Financial Crisis kung saan nagsara ang ilang higanteng kumpanya katulad ng Lehman Brothers at sunud-sunod na pagbagsak ng mga korporasyon. Ano nga ba ang epekto nito sa mga Third World countries o sa partikular, ang Pilipinas?

Kontrapelong mga teorya

Ilang anggulo ng depresyon ang tinitingnan ng mga ekonomista hinggil sa patuloy na pagbagsak ng ekonomiya ng Estados Unidos. Kasama rito ang ilang pagtatalo kung malaking dagok ngas ba ito sa ekonomiyang lokal. Ayon kay Senador Ralph Recto, na kalihim din ng Philippine Socio-Economic Planning, hindi direktang apektado ang bansa sa pangkasalukuyang krisis ngunit ang mga negosyanteng umaangkat at naglalabas ng mga produkto sa ibang bansa ang pinakamalaking mahahagip nito. Sanhi ng mataas na presyo ng mga produkto ang pagtaas ng presyo ng mga kagamitan at hilaw na materyales na inaangkat mula pa sa mga bansang nakakaranas ng depresyon. Sa kaso ng paglabas ng mga lokal na produkto, hindi masasabing kasintaas ang demand noong mga panahong nasa mas maayos na lagay pa ang ekonomiya. Magkakaroon ng pagkakataong tangkilikin ang produktong Pilipino na mas mababa ang presyo kaysa sa dayuhang produktong mas mataas ang benta. Habang tinatamaan ang mga negosyong nag-aangkat at naglalabas ay mas mabibigyan ng pagkakataon ang mga maliit na negosyong gumagalaw lang sa loob ng bansa.

Sa kabilang banda naman ay iginigiit na ang malapit na ugnayan ng bansa sa Estados Unidos ang dahilan ng paghila pababa sa ating lagay pang-ekonomiya. Naunang ipinahayag ng Bangko Sentral ng Pilipinas sa pamamagitan ni Malacañang Press Secretary

Pumunta sa pahina 3

PUP Students oppose Illegal Fees

By Anne Dominique delos Santos

With the aim of opposing the planned Tuition and Other Fee Increase (TOFI) of the PUP Administration and to condemn the collection of the allegedly illegal fees, students, student activists and faculty members marched from Mabini Campus, Sta. Mesa to the Commission on Higher Education (CHED) Office at the UP Diliman Campus, Quezon City on March 3, 2009.

PUP Student Regent Sophia Prado presented a Student Manifesto to CHED Executive Director Atty. Julito D. Vitriolo that denounces the legality of the miscellaneous fees including the Developmental Fee. Said collection of fees was claimed by the students as illegal due to the lack of formal consultation of the Administration to PUP students and faculty.

On the other hand, PUP Administration, in defense, said that such fees had undergone surveys which was agreed and suggested by the students.

CHED vowed to investigate all of the concerns and promised to take action in order to settle all the issues between the two parties.

SAMASA conquers SKM posts

but again fails to sweep COC-SC slate

By: Anne Dominique delos Santos

SAMASA sweeps U-wide slate

Sandigan ng Mag-aaral para sa Sambayanan Alliance (SAMASA) Party conquers, once again, all the positions of the Central Student Council (CSC) for the coming school year 2009-2010.

Elected CSC President Donnavie Pascual of SAMASA party with the garnered votes of 3,943 prevailed over the 3,347 votes of the Kilos Party Presidentiable Erick Michael Cordero. With the same fate, SAMASA Vice President Jynell Sibayan led with 3,837 against the 3,440 votes of Kilos Party Vice Presidentiable Marian Laurice Mempin.

Aside from the top positions won by SAMASA, said party once again swept all of the 12 councilors' slate which includes Dian Alonzo, Michelle Arceno, Adrianne Benuyo, Jaime De Guzman, Mhikail Divinagraica, Charlotte Estipular, April Gatpayat, Reena Guban, McGayver Malabuyoc, Ana Dominique Natividad,

Turn to page 2

Vol. VII No. 4
June 2009

LE VOGUE 2009: The Clash of Fashion and Festivity

By Anne Dominique delos Santos

Junior Communication Students once again showcased their artistic prowess and dancing skills in one of the much-awaited events of the College, the Le Vogue 2009, a culminating activity of the subject Intercultural/International Communication on January 30, 2009 at COC Carpark.

Exhibiting International Fashion with its respective eras, participants posed with grace as they competitively squeezed out their creative juices on the runway to enable them to win the competition. Also, colorful and vibrant Philippine Festivities were the themes of the dance category of Le Vogue.

Three Classes remained supreme as they were declared as the winners of the competition. BBRC 3-2' s fashion of 1960's India and Ati-atihan Festival emerged as the Champion. BBRC 3-4's Fashion of 2000's Australia and Pintados Festival and BJ 3-1's Fashion of 1950's Kenya and Masskara Festival were the second and third runner ups respectively.

Intercultural/International communication hits the catwalk.

COC Faculty learns SIS system and Websites

By Patrick Jucutan

The COC Faculty conducted the 'COC Faculty Development training program'' wherein set of activities were aimed for learning new technology and social preparation for the next college semester.

Taking a step towards a modern state of technology, faculty members attended seminars on Learning the Student Information System (SIS) and encoding grades through computer systems, and making web pages/websites in PUP held on April 17, at ICT PUP Main Campus

Said web page and website-making taught instructors to help each college be visible in the World Wide Web.

Their Social and Technological Preparation held at Baguio City, was about Theme Writing, People Principle, Spiritual Sharing which was lectured by Dr. Robert Soriano, Prof. Victoria Red, and Prof. Cabahug.

Meanwhile, College Dean Dr. Soriano concealed that the Center of Development has remained at rest on its state.

Call center sponsors COC Recognition day

Aside from the usual giving of certificates, awardees also received medals and trophies during the recently concluded Recognition Day of the College of Communication. This was made possible through the support of eTelecare, a Business Process Outsourcing (BPO) call center.

Held at the college building's lobby last March 27, 2009, the Recognition Day was led by the CoC Faculty. Present during the event were college dean Dr. Robert Soriano, journalism chairperson Prof. Felix Cabahug, Prof. Angelina Borican, Prof. Jerico Javier, Prof. Lailanie Teves, Prof. Cherry Pebre, Prof. Arapia Ariraya, Prof. Milagros dela Costa, and Prof. Filemon Viduya. Prof. Racidon Bernarte and Prof. Kriztine Viray acted as masters of ceremonies. A representative from eTelecare witnessed the event.

Among the awards given were the Top President's and Dean's Listers, awards of recognition for Institutional Researches, and awards of appreciation for CoC student organizations and Student Council.

Mart Elias Carlo Marañon (BBrC 4-1D) was named Most Outstanding Graduating Student. Recipients of the Leadership Award (or Most Active Graduating Student Award) were Jan Meynard Nualla (BBrC 4-1D) for Broadcast Communication, and Aiko Clarissa Buduan (BJ 4-1D) for Journalism.

BJ 4-1D emerged as the Most Outstanding Graduating Class. Meanwhile, BBrC 4-1D bagged most of the awards, such as Most Active Graduating Class, Best Qualitative Research, and Best Quantitative Research (tie with BBrC 4-1N).

A comedy skit featuring impersonations of various CoC student organizations was presented by Teatro Komunikado in the middle of the program. The occasion was concluded with the much anticipated production number from Movers & Motions—a collaboration between present members and alumni of the organization.

After the Recognition, a Career Talk for graduating CoC students immediately followed. It was organized by the Public Affairs Office (PAO), headed by Dr. Divina Pasumbal. Inspirational talks were given by Felix Tan and PUP Mass Comm

Opinyon

Jerome Phillip Ricamata

Si Kuya, Ang Gagamba at ang Happiness

Mahilig manguha ng gagamba yung kuya ko noong mga bata pa kami. Sinama niya ako isang beses sa pangunguha. Bilang bata pa lang ako nun at mahilig manood ng discovery channel, gusto ko ma-experience ang adventure ng pagtahak sa mga tubuhan ng Bacolod para makakuha ng isang gagamba. Hindi ko naman inaakalng sandamukal ng hamon ang haharapin ko para sa isang pirasong insekto.

Adventurous kami ni kuya. Umakyat kami ng bakod para makapag short-cut papunta sa taniman ng mga tubo. Bukod sa pagiging adventurous, clumsy din ako, kaya pag akyat ko sa bakod, nagasgas yung hita ko sa pader. Sige, okay lang, para sa gagamba.

Fun loving kami ni kuya. Saktong pagtapak ng mga paa ko sa taniman ng tubo mula sa mala-Mt. Everst expedition na pag akyat ng bakod ay tinaya ako ni kuya. Wow! Mataya-taya muna ang trip niya. Hinabol ko sya nang hinabol hanggang sa madapa, dahil hindi nga pala clumsy-friendly ang taniman ng tubo sa Bacolod. Nasugatan ako sa tuhod. Sige, okay lang para sa gagamba.

Serious na kami ni kuya. Kahit medyo iika-ika na ko dahil sa pamanang clumsiness ng nanay ko ay tinahak ko pa din ang tubuhan. Ayan na, silip dito silip don, bawat tanim na tubo ay tinignan ko sa mga singit singit na dahon kung may nakaipit na gagamba. Sobrang sakit sa binti. Nakakahiwa pala ang mga dahon ng tubo. Parang checkered na polo yung mga binti ko, andaming mapupulang galos. Sige, okay lang para sa gagamba.

Competetive pala si kuya. Hinamon ako ng paunahan sa pagkuha ng gagamba ni kuya. Alam kong mahirap talunin ang kuya ko sa lahat ng bagay, pero pumayag ako. Wag daw ako sumuko sabi ng mataas na ego na pamana ng tatay ko. Naghiwalay kami ni kuya, para nga naman walang dayaan. Pumunta siya sa lugar na alam niyang maraming gagamba. Ako sa kabilang side, kahit alam kong konti lang gagamba dun, eh let's give it a try. Makalipas ang isang minuto sumigaw si kuya, may gagamba na daw siya. Ako makalipas umikot, madapa, madulas, mahiwa ay nakahanap ako ng salagubang, oo natalo ako kay kuya, kahit hindi gagamba ang nakuha ko, mas masaya ako.

Ngayon, kahit matanda na ko, ganun pa rin ang proseso ko ng paghanap ng kasiyahan. Kahit mahirap, kahit masugatan, kahit magpaikot-ikot. Kahit hindi gagamba ang makuha ko okay lang. Para lang din yang pagaaral eh. Kung ang kasiyahan mo ay makatapos ng pagaaral with honors. Gawin mo. Kahit harangin ka ng bakod ng compulsories at commercialism. Madapa ka man sa mga professors na bibigyan ka ng mas mataas na grade basta magbigay ka ng 300 pesos para sa scholarship program nila o magkahiwa hiwa ka man sa lahat power-tripper mong professors, lampasan mo lahat.

Maging adventurous, fun-loving, serious at competitive ka. At kung hindi mo man mahanap ang gagamba na magpapasaya sayo. Maghanap ka ng salagubang sa paligid mo. Ang happiness hindi iniimpose, hinahanap yan.

SAMASA conquers...

Continued from page 1

Marjonel Rodriguez and Jose Mari Serrano.

On the other hand, SAMASA party's prevalence was not obtained in the COC local stints. Kilos President and Vice President Gabriel Mallari and Shelemiah Bolon won by just two votes against SAMASA candidates Muedan and Del Rosario.

Five out of Six SAMASA candidates for COC-SC Councilors won, comprised of Arellano, Andres, Estrada, Santos and Vergara, and one KILOS party councilor Pelayo completed the Councilor posts.

The Controversy

The Official Results of the SC Election was not immediately released by the COMELEC due to some controversies. During the counting of votes, few election ballots with alleged erasure marks in favor of SAMASA were seen and became the point of argument. After a short period of discussion and clarification, the COMELEC then decided not to count the election ballots with erasures marks, ending up with the proclamation of KILOS Party's President and Vice President as the winners of the said election.

COC –Student Council Elections
Official Tally of Comelec

Name	Total	Party list
PRESIDENT		
Mallari	**224**	**KILOS**
Muedan	222	SAMASA
VICE PRESIDENT		
Bolon	**219**	**KILOS**
Del Rosario	217	SAMASA
COUNCILORS		
Arellano	**214**	**SAMASA**
Andres	**384**	**SAMASA**
Estrada	**240**	**SAMASA**
Pelayo	**216**	**KILOS**
Santos	**233**	**SAMASA**
Vergara	**217**	**SAMASA**

Central Student Council (SKM)
Official Tally of Comelec

Name	Total	Party list
PRESIDENT		
Pascual, Donnavie	**3,943**	**SAMASA**
VICE PRESIDENT		
Sibayan, Jynell	**3,837**	**SAMASA**
COUNCILORS		
Alonzo, Dian Margo	**3,821**	**SAMASA**
Arceno, Michelle	**3,792**	**SAMASA**
Benuyo, Adrianne	**3,775**	**SAMASA**
De Guzman, Jaime	**3,751**	**SAMASA**
Divinagracia, Mhikail	**3,850**	**SAMASA**
Estipular, Charlotte	**3,839**	**SAMASA**
Gatpayat, April Janine	**3,803**	**SAMASA**
Guban, Reena	**3,743**	**SAMASA**
Malabuyoc, McGyver	**3,801**	**SAMASA**
Natividad, Ana Dominique	**3,806**	**SAMASA**
Rodriguez, Marjonel	**3,756**	**SAMASA**
Serrano, Jose Mari	**3,806**	**SAMASA**

This year's Dramafest was the first to limit the productions' budgets.

Photo By Arlyn Amboy

Drama fest 2009 cuts costs, pushes for natural talent

By Arlyn Amboy

Sophomore Broadcast Communication students once again wowed crowds as they graced Claro M. Recto Hall with the Drama and Theatre Arts Festival 2009 last March 12-13.

The yearly event showcases RC students' talents and also serves as an output of their subject Drama and Theatre Arts, supervised by Prof. Kriztine Rosales-Viray.

Organized by Teatro Komunikado, the first plays shown were: BBrC 2-4's "Luz Y Escuro" (Sekta QUATRO Productions), BBrC 2-1N's "Overnight" (Tanghalang WANENtablado Productions), and BBrC 2-3's "Libronya" (TU-TRI Fruti Productions). On Friday the 13th, BBrC 2-2's "Esrever" (Produccion DekalidaDOS) and BBrC 2-1D's "Ako" (Tanghalang JUAN D. Productions) ended the activity.

Three judges were invited to deem the said festival. The committee was headed by Ms. Edith Asuncion; Mr. Edward Dantis, Unang Hirit Executive Producer and Stage Director; and Ms. Ethel Sacdalan, freelance writer for theatre and film.

Unlike in the previous years, the Drama Fest committee directed each production to limit the internal budget to P5000, comprising the expenditures on set, costumes, make-up, promotional materials, etc. Each student paid P300 as part of the productions' external budget for the rental of the hall, equipment used in the Technical Dress Rehearsal last March 11, the actual presentation of the plays, and other miscellaneous fees.

Hector Calma, TK Chairman and over all head of this year's Drama Fest, believed that students can come up with a high quality production even with a minimal budget.

"Hindi pera ang dapat puhunan sa Drama Fest, dapat talent," he shared.

The results will be revealed on July, during the Sikat Awards, the last event for the College of Communication Founding Anniversary Celebration. Awards for grabs are Best Original Story; Best Production Design; Best Original Story; Best Play; Best Actors; Best Actors in supporting roles and Best Director.

Global Financial...

Mula sa pahina 1

Jesus Dureza na hindi kapani-paniwala ang ideya ng mga negosyanteng nagsasabing "insulated" o hindi kasing tindi ng inaasahan ang mararamdamang krisis sa Pilipinas. Magpasahanggang ngayon ay hindi pa nabibigyang linaw kung ang nararamdaman nating kakulangan ay dala ng Global Financial Crisis o sadyang kagagawan lamang ng ating mga panloob na isyu.

Epekto sa manggagawa sa loob at labas ng bansa

Maihahantulad sa isang laro ng domino ang kasalukuyang krisis na kinakaharap ng mundo; ang pagkakaiba nga lang ay hindi maaring maturing na laro ang kabuhayan ng masang Pilipino sa loob at labas ng bansa. Tanong ni Rene Cristobal, bise presidente ng Employer's Confederation of the Philippines (ECOP), ay kung paano mabibigyan ng trabaho ang isang manggagawa kung walang demand ang isang produkto at hindi kinakailangang bigyan siya ng trabaho? Halimbawa dito ang malaking paghina ng demand sa mga bansang tulad ng Estados Unidos, Japan at Kanlurang Europa kung saan dating malaki ang pangangailangan para sa mga produkto, serbisyo at manggagawa galing sa mga Third World countries tulad ng Pilipinas. Maging ang mga malalaking kumpanyang dayuhan na may pabrika dito ay napipilitang magsara dahil sa kawalan ng pondo. Ang pabrika ng Intel Corp na nakabase sa Northern Luzon ay nagtanggal ng mahigit 1,800 sa pagsasara nito. Nagsara din ng panandalian ang international furniture exporter sa Cebu na Giardini del Sole Inc. kung saan 250 katao ang nawalan ng hanapbuhay.

Kung hindi man nagtatanggal ng tao sa mga pabrika ay binabawasan sila ng oras ng pagtatrabaho. Ayon sa Department of Labor and Emplyment (DOLE), 40,000 manggagawa at 5,400 na OFW ang nawalan ng trabaho habang 33,000 katao ang nagtatrabaho sa loob ng mas maiksing panahon at mas mababang sahod kaysa dati. Maari pang umabot sa 200,000 manggagawa ang maalis sa trabaho kung magpatuloy ang ganitong suliranin sa lokal na ekonomiya, sabi ng Director of National Planning and Policy ng National Economic Development Authority (NEDA).

Para sa masa

Hindi na bago ang konsepto ng outsourcing at OFWs sa mga Pinoy. Pinapatunayan ito ng sampung porsyento o humigit kumulang 8 milyon sa 80 milyong populasyon ng Pilipinas na nakatira sa ibayong-dagat. Kung tutuusin ay hindi na nakakagulat na ang Pilipinas ay isa sa mga pinakamalaking pinanggagalingan ng manpower o kilos paggawa. Nagsimula ang ganitong istratehiya ng pamahalaan noong panahon pa ni Pangulong Ferdinand Marcos kung saan nagsimula siyang magpadala ng mga construction workers sa Gitnang Silangan dahil sa krisis sa krudo at utang panlabas. Nagamit din itong solusyon noong 1970s para sa lumalaking suliranin sa underemployment. Hanggang sa ngayon ay nagpapatuloy ang mga Pilipino sa pagtatrabaho sa ibang bansa, hindi lamang dahil sa hirap ng paghahanap ng trabaho sa bansa kung hindi pati na rin kumita ng mas malaki para sa kanya-kanyang pamilya.

Kamakailan ay dumarami ang mga estudyante natin na kumukuha ng mga kursong mataas ang demand sa ibang bansa tulad ng nursing, computer programming, engineering at kung anu-ano pa. Pero sa nagbabadyang krisis sa ibang bansa, paano makasisiguro ang mga magtatapos na sila nga'y makakakuha ng trabaho? Mabuti na lang at naituring na recession-proof ang mga trabahong may kinalaman sa kalusugan dahil sa lumalaking populasyon ng mga matatanda at maysakit sa mga nakauunlad na bansa. Bunga na rin ng mababang kabayaran sa mga practitioner na Pilipino na hasa sa pagsasalita ng Ingles at mahusay sa trabaho ang 8,000 nurse at 14,000 caregivers na naipadala noong taong 2008. Inaasahan namang tataas pa ang demand ng human resources mula sa mga bansang tulad ng Pilipinas sa larangan ng medisina. Ngunit talaga nga kayang sapat na ito sa matagal nang solusyon ng mga Pinoy sa kakulangan ng trabaho at salapi lalo na sa oras ng pandaigdigang krisis? Ang pagsasara ng mga sangay ng mga pandaigdigang kumpanya sa ibayong dagat ang siyang bunga ng pagsasara ng main branches nito sa ibang mga bansang apektado ng krisis. Dahil dito, nagkakaroon rin ng kabawasan sa demand sa lakas paggawa ng mga Pilipino. Paano na ang Pilipinong wala sa ilalim ng proteksyon ng recession-proof na industriya ng medisina? Sa dami ng lumuluwas ng bansa, hindi siguradong nakakakuha sila ng trabaho o di kaya'y tamang pagtrato at sweldo. Kung mayroon man, nakakasiguro ba silang makakatagal sila? Oo, sa ngayon ay gumagana pa ang sistema natin para mabawasan ang tama ng depresyon, ngunit habang umiigting ang krisis ay unti-unti itong nakakahanap ng butas sa ating mga lunas dito. Sa patuloy na paglaganap ng krisis, kinakailangan ding paigtingin ang mga bagong istratehiya laban dito.

1. *COC Gate*- Dito magsisimula ang isang kapanapanabik na paglalakbay kung saan dapat ihanda ang I.D.o registration form, dahil kapag nagkataon, hindi ka makakapasok sa sintang Kolehiyo.

2. *Guard House*- Ang baggagecounterngmga COCians. May malaking parol ito sa gitna at pwede kang tumambay dito pag gusto mong manood ng wowowee! (hep hep hurray!)

3. *COC Wildlife (aka ang dating Kubo)*- Kung isang dyesebel fanatic ka at hindi ka parin tapos sa kaka-find kay Nemo, dito ka pwedeng tumambay-tambay. Bukod sa Goldfish at Janitor Fish, pwede kang mamingwit ng tilapia at bangus with matching alimango on the side, ready for ihaw-ihaw in the afternoon. Dala ka na lang ng sarili mong uling at pamaypay.

4. *COC Fountain*- Katas ng Concierto ang ipinagpagawa sa sosyaling fountain with turtle na pa-swim-swim inside the mala-lagoon na tubig nito.

5 . *Kaingin Area*- Dito ang bagsakan ng mga DTA, Human Exhibit, Floats, at kung anu-ano pang production na may mga disposable props after use. Bukod sa pagiging smokey mountain ng COC, nagsisilbi din itong libreng katol para itaboy ang mga lamok at utak lamok sa COC.

6.*COC Entr*
ang mala-
mabuti na
mapalaki c
ngayon ay

7. *Medical*
bayan. Dito
na guston
sakitan. Inf
ka-okray-o



WELCOME TO COC!!!

33- *Accreditation Center/Defense Room*- Dito nakalagak ang mga dokumento ng kolehiyo na nag-angat sa atin bilang kauna-unahang communication school sa bansa na umabot sa LevelIII Accreditation status. Kapag panahon ng thesis

31- *Library*- Tambayan ng mga taong nag-aaral kuno. Dito din nakatago ang mga pinaghirapang theses ng mga COC Students.

32- *COC Radio Station (DZMC-FM 98.3)*- Due to a pending license application, itinigil ang operation. Hopefully makapag-operate ito ulit.

29- *The Communicator Office*- Kung kilala mo si Doraemon, ito ang room version niya. Bukod sa mga anik-anik na mga papeles, dito mo mahahanap ang mga bagay na hinahanap mo gaya ng arnis, kumot, tuwalya, kurtina, badminton racket, halogen lights, betamax, tv, computer stand na walang computer at iba pa. Dito rin ang tambayan ng mga watchdog ng COC, na walang tsismis na nakakalampas sa kanilang mata, tenga, ilong, bibig, ngala-ngala, atbp.

30- *Attaché's Office*- Opisina ng kanang kamay ng dekano. Period. Ayoko nang dagdagan.

27- *TV Room*- Kagaya ng News Ro
ming-maraming tv at tripod (na d
Meron ding news anchor's desk a
nagkaklase ang ibang BBRC Stud
tion classes nila.

28- *Journ Post Office*- Dito ang hide-out ng mga aspiring mang-uubos ng tinta. 'Wag ka na rin mag-isip kung paano sila nagkakasya dito.

ance-Ilang taon ding pinagtiisan eskinitang entrance ng COC, lang, nabigyang katuparan na ng entrance ng COC Lobby na mala-emergency room.

l/Dental Clinic- Ang botika ng o ang puntahan ng mga students g magpaexcuse at nagsasakit- Fairness, mabait si Nurse, walang kray. Bukod dito, pwede ka din maka-avail ng libreng bunot, pasta at linis ng ngipin. Mabait din naman si Sir Willie.



15. *Comm Soc Office*- Ito ang opisina ng dating mother org. Patok dito ang mga batang future Barack Obama

18. *Ang Umbrella (aka kabuteng blue at yellow)*- Ito na yata ang pinakamalaking payong sa balat ng universe. Mag-ingat sa mga batang nangdudura sa labas ng fence.

8. *Room 114*- Mahiwaga at misteryoso ang silid-aralan na ito dahil sa makasaysayang babaeng hinugot sa tadyang na nagpaparamdam diumano sa mga estudyanteng narito.

9. *Ang mala-alamat na COC Theater*- Pagkatapos ma-discover ni Magellan ang Pilipinas ay itinayo ang COC Theatre. Ilang Pangulo na ng Pilipinas ang natapos at sa awa ng mahabaging Bro, ay hindi parin ito natatapos. Pinamamahayan na ngayon ito ng mga alikabok, maya birds pati rin mga white lady at mga babaeng hinugot sa tadyang ng theater. Minsan na rin itong naging extension ng SOGO at Anito. Paminsan-minsan, lumilindol dito.

16. *Tindahan ni Aling Panget*- Ikaw ba ay nagugutom o naghahanap ng kaaway? Ito ang the best place ng mga instant: instant pancit canton with rice, instant noodles, instant rice and tuna and most especially: instant kaaway. Kung tatanungin mo kami kung bakit tindahan ni aling panget ang tawag sa mala-fast food chain na ito, try mo na lang bumili and see for yourself.

19. *Sattelite*- Minsan na itong inakalang extension ng Smart o Globe cellsite. Napagkamalan na rin itong generator, signal ng alien, at lagakan ng mga lihim ng Maskom. Try mong itanong sa prof mo kung ano yan, ewan ko lang kung masagot ka nya.

20. Gazebo- Ang multi-purpose waiting shed. Ginamit na itong canteen, conference room, library extension, sleeping area, lovers' lounge, at dausan ng nomo sessions.

10. *COC Lobby*- 'Wag mo nang balakin pang makipagpatintero sa mga sumasayaw at tumatambay dito. Venue itong mga small audience events at runway ng mga fashionista wannabes ng Maskom.

11. Janitor's Lounge- Kung naka-blue shirt ka, you belong! Pwede ka na rin tumambay dito kasama ang iba pang naka-Unitrend, ang pinakamalilinis na tao sa COC!

12. *Faculty Room*- Dito ang tambayan ng mga students na close at inuutusan lagi ng profs. Ito ang haven ng mga mahal nating guro

13. *Dean's Office*- Dito ang opisina ng pinaka-pangulo ng kolehiyo. Madalas makikita dito ang mga mag-aaral na namomroblema sa enrolment, ojt, at iba pa. Kung close kayo, go lang na tumambay dito.

14. *DBC- Department of Broadcast Communication*. Malamang opisina ito para sa mga BBrC students. Kung may problema ka sa buhay kolehiyo mo, dito ang takbuhan mo lalu na kung tungkol sa grades at subject. Tinagurian itong "blackhole" sa dami ng kaso ng mga cellphone na nananakaw dito.

17. Tindahan ni Rapunzel- Ito ang karibal ng mega hit na tindahan ni aling panget. Matatapos at matatapos ang apat na taon mo sa COC ng hindi mo talaga masisilayan ang paa ni aling Rapunzel. Hindi man mahaba ang kanyang buhok, mahaba naman ang hair nya sa pagdumog ng mga smokers sa COC

21. *Ang tindahang kubo*- Ang paninda rito ay sari-sari..at puno ng linga.

22- *DOJ*- Department of Journalism Office Ang kapita-pitagang opisina para sa mga Journ students. Dito ang takbuhan ng mga batang ipinanganak na may hawak na ballpen. May dark room dito na turned into kitchen na. Ito ang opisinang may isa sa pinakalumang typewriter sa buong unibersidad.

23- *AVR- Audio Visual Room*. Dito ginaganap ang ilan sa mga events ng college gaya ng mga seminars, etc. May iilan-ilan ding nagkaklase dito dahil sa shortage ng classrooms sa college. Kelangan mong magtiyaga kung magpapa-reserve ka dito, o kung wala kang tiyaga, sa CEAFA AVR nalang, dun, mas mababait pa sila. Tuwing COC Week, dito madalas ginaganap ang horror booth. Awuuu...

24- *RELO- Research Extension and Linkages Office/BCR Office*. Dito nakatago ang mga researches na nagawa ng mga students like Comm Plans and Theses. Dito rin ang puntahan ng mga BCR Students kapag kailangan nila ng tulong.

25- *Monitoring Center*- Tahanan daw ng mga "Barbaric Savages". Ang mga kabataang makabayan at mahilig sa pulang pintura. Kung gusto mong magsumbong sa mga hinanakit mo sa kolehiyo gaya ng power tripping ng mga prof, ito ang tamang lugar para sayo.

26- *News Room*- Dito nagkaklase minsan ang mga Journ Students. Kasya 100 students dito (imaginin mo nalang, parang LRT 1) Maraming Computer dito. Maraming-maraming-maraming-marameeeeeeeeeeeeee!



oom, maraming-mara-alawa ang paa) dito. at chroma wall. Dito ents sa mga produc-



Saganang Amin

Manifesto in the Raw
Nyko Maca
Jerome Phillip Ricamata

★★★★

Isa sa mga sumisikat na soul singers sa underground music scene si Nyko Maca at ang kanyang bandan Playground. Mula sa kanyang mahusay na stint sa Star in A Million noong 2005 ay malayo na rin ang narating niya bilang isang soul artist.

Sa album niyang Manifesto in the Raw ay mariinig ang pinaghalong impluwensiya sa musika ni Nyko Maca. Brazilian soul, jazzanova, samba at electronica ang ilan sa mga tunog na mariinig sa kanyang 9-tracked album. Isa sa mga magagandang awitin sa kanyang album ay ang Ritmo Batida na nagbibigay ng maindak na dating na sinamahan pa ng Brazilian at English na lyrics.

Nabigyan naman ng mahusay at bagong himig ang classic na kantang Maalaala mo kaya? Ilan pa sa mga mga kantang tiyak na maiibigan ng mga taga pakinig ng OPM Soul na genre ay ang Happyness, Turn my Head at TRIPlangTYCH.

Sulit ang iyong ipambibili sa kanyang album ngunit dahil hindi mainstream music ay mahihirapan ka sa paghanap ng kanyang album. Kadalasan itong mabibili sa mga bars kung saan tumutugtog at umaawit si Nyko Maca. Nawa'y patuloy nating suprtahan ang ating mga local artist lalo na ang Pinoy Soul Movement kung saan kabilang ang mga bandang Yosha, Cosmic Love, Radiocative Sago Project, Chillitees, Sinosikat?, UpDharmadown, Kala at si Nyko Maca.

Sundo
Topel Lee
Patrick Jucutan

★★★

Kung kayo ay nakatulog habang nakatalukbong sa kumot dahil sa ''Ouija'' na idinerehe ni Topel Lee sa panulat ni Aloy Adlwan, siguradong hindi naman nila kayo hihimbingin sa pelikulang pinagbibidahan ni Robin Padilla—Ang Sundo.

Si Romano, isang sundalong namatay at muling nabuhay ngunit sa isang bagong katauhan—ang pagkakaroon niya ng Third Eye. Bumalik siya sa Maynila sa hangad na maipagamot ang kanyang kapatid na bulag. Sa isang road trip papunta sa doctor, nakasabay niya ang mga taong di kinalaunan ay magiging kasama niya sa pagsolba ng misteryong unti-unting pumapatay sa bawat kasamahan nila.

Dahil ang konsepto ay hinango rin mula sa mga box office na ''Final Destination'' at ang paboritong remake na "The Eye".

Salamat na lang sa kakaiba nitong pagdulog—ang pagiging suspense thriller nito, dahil walang paliguy-ligoy ay magugulat ka sa mga eksena kaya't nawawala ang mystery-value nito kung saan mapapangatawan nito ang respeto sa pinili nitong genre.

Magaling ang pagdulog ni Topel Lee. Sabihin nating marunong siyang manggulat.

Kung tutuusin ay puhunan ng buong pelikula ang pagsiganap ng mga sikat na artista, salamat sa galing sa pag-arte ni Robin Padilla, at ni Katrina Halili.

Subalit sa kabilang banda may mga nagmistulang backdrop, Mark Bautista at Hero Angeles o di kaya'y pinangatawan rin nila ang pagiging supporting roles nila…Pwede rin.

Kung susumahin, tinulungan ng magandang direksyon ang konseptong gamit na. At bumenta na naman si Badboy.

Aklat ng Malakas
Jay C. de Castro
Jan Meynard Nualla



★★★½

Kung nais mong analisahin ang iyong sarili, ito ay isang magandang babasahin. Isang koleksyon ng mga sanaysay, ang Aklat ng Malakas ay nakaayon sa organisasyong binuo ni Atty. Jay de Castro, ang MALAKAS, o Mamamayan Laban sa Karahasan at Kasamaang Panlipunan. Sa kasalukuyan, sa U.P. Diliman pa lamang ito maaaring mabili.

Bitbit ang pangarap na mamuhay sa isang ligtas, mapayapa, makatarungan, malinis at maunlad na bayan, sinimulan ng aklat ang pagsasalarawan sa kasalukuyang kalagayan ng ating bayan. Dito ipinakita ang kahalagahan ng mga prinsipyong itinataguyod ng MALAKAS. Mapapansin na ang mga tinatalakay ng aklat ay pinaghalong kulturang Pilipino at ideyolohiyang Kristiyano: pagka-makabayan, pagmamahal sa sariling wika, paninindigan, kalusugan, kalinisan, paggalang sa kapwa, pagiging maagap, kasipagan, pagiging mapaghanda, pagtagubilin, katarungan, pagmamahal sa pamilya at magulang, kabataan, kapitbahay, at kalikasan.

Sa mga nais balikan ang mga nakalimutang aralin sa values education, isa itong sariwa at modernong pagtalakay sa mga dati nang itinuturong mababuting pag-uugali ng isang Pinoy. Sa tuwing mararamdaman mong nalilihis ka ng daang tinatahak, pwede mo itong gawing gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Kung iisipin, marami sa mga values-oriented na mga libro ay nakatuon sa mga bata, dahil ang mga ito ay nagsisimula pa lamang buuhin ang kanilang pagkatao. Sa kaso naman nating matatanda, isang magandang adbokasiya ang mamuhay nang ayon sa mga itinuturo ng Aklat ng Malakas.

Mangkokolum
Single Ladies Edition

Oh-oh-oh..O-oh-O-o-Oh…Megahafinas with matching pagkantey at pagvayle ang tatlong sisterettes after nila mag-victory liner sa katatapos lang na Li Bogue na ginanap sa colej.

…But wait a minute, ifis na malufit… after magbalandra ng bonggang-bonggang fakfak ang chenelyn sisters, ano itech na chakrang nasagap ng kanilang antenna sa fenitensyang naexperience ng stujents ng colej.

Chenelyn Kimverly: Oh my my.. what the happenings all about?

Chenelyn Forte: tse! Tigilan mo ko ng English carabao mo na minana mo sa lolo mo

Chenelyn Katigbak: Whatever sisters…if you want to know more about the issue, put your hands up!!!

…At nagsunuran naman ang dalawang uto-uto na magkafatid…

Pompyang Numero Uno: Ohmy Julalay Tren-ing

Though winish ni mamita not to tell anyone, wala paring nakaligtas sa saving power ng mga sisterette dahil walang secret ang di kayang bukingin ever. After the mega hit na parade ni muthra sa dating pompyang, wit pa rin tumigil ang lolah mo sa pagkakalat ng lagim. Biruin mo ba namang gawing tsimoy at tsimay ang mga gromula nating kafatids with matching punas-punas the pawis of the lolah, as in gawin lang bang julalays ang mga atei as part of their internship or OJT sa office ni mather? Oh my gulay, oh common, mamon, anong kala mo sa mga atei ko, ever maid in heaven? San na napunta ang "caregiver on the side" ni mama? At wit panalo ang death threats ni muthra, dahil todo banta si mamita na don't ever reveal the chamber of secrets kundi, di sila magmamarcha with flying colors and hafiness ang mga magchuchumbong na atei. Hala, hala, hala. Bad yan muthra. Binggo ka na mamita!

Pompyang Numero Dos: Afir, disafir, wan org, wanhalf bi

With matching banderitas banda-roon pa ang colej nung opening ng school year dahil sa guiness book of world records ng pinakaplentiful orgs sa buong universitei. Kesehodang maging oh so palengke crowded sa panghahatak ng costumer ang rampage ng colej sa dami ng mga atei at koyang aktib-aktiban sa mga kemedung kabusyness sa buhay. But why oh why all of a sudden, natsugi ang

Bortdey

Nikkita

Iduyan mo ako sa saliw ng kumakalam mong sikmura,

sa kabila ng dumadaluyong mong mga pangamba.
Akayin mo ako bisig mong dumaan sa maraming dusta
at sa mumunti kong luha, madama mo sana ang aking pagkalinga.

Hindi ko man lubusang masapantaha,
bakas naman sa malamlam mong mga mata,
ang takot ng isang ina sa kinabukasang walang kasiguraduhan
at pagnanais na lumaban sa gutom at kahirapan.

Ikinukubli sa mga hele mong mapanamdim
ang kasadlakang pagdurusa at anino ng dilim.
Sa tahanang tanging karton lang ang bubong at alulod
at namamaluktot sa papag na dikit na ang balikat sa tuhod.

Sa likod ng mga ngiti mo ina
ay ang pagtanggi sa sariling ikaw ay mahina
Idinadaan sa mga yapos mong mahihigpit
ang marubdob mong panlulumo sa sakit

Hindi ko man maipadama ang pagnanis kong tulungan ka,
umaasa akong darating ang umagang liligaya ka.
Paglaki ko inay, sabay tayong maglalakbay.
Pinapangako kong para sayo, lalaban ako sa buhay

Sagutin mo ako inay.
Gumising ka na mula sa iyong hinihigaan.
Alam kong maginhawa iyan kaysa sa papag nating pinagsasaluhan.

Sagutin mo ako inay,
Imulat mo na ang mga mata mo
Masdan mo, kay liwanag ng mga ilaw sa paligid mo.

Muli mo akong yakapin inay,
hindi ko makilala ang mga tao sa paligid ko.
Sa gitna ng ingay ng mga naglalaro ng baraha
Muli mo akong pahelehin inay.

Naririnig mo ba ako inay?
Hihintayin kita ha?
bortdey ko kasi bukas,
magtatatlong taon na ako sabi mo di ba?

Batiin mo ako ha, inay?
Hiling kong mamaya, muli kang madama.

Deluge

Kier Gideon Paolo M. Gapayao

Almond eyes open at bolt's whim,
Seeking serenity craved.
Yet silence was traded for storm,
As safety was sought from blanket at arms.
The Trident is wielded once again,
Again calling upon storm clouds she fears

A shiver escapes as fabric is embraced,
Another gasp as lightning rips.
Maria waits for ship estranged.
Seeking solace from her darling,
Not the blanket in his place.
For the ocean nourishing her children,
Slew the father she never knew.

Twilight withers and daybreak blooms,
Light reunites with the port.
Crews alight from fishing vessels,
Wives shed tears in relief
Maria stands alone in grief.
Sheets they one dwelled under,
Cover him as she weeps.

TITLE UNKNOWN

Keso

Stagnant,
For a while the damsel lays staring at a distance.
Alone,
Who would ever thought she'd be in such adversity tonight?

Ceiling,
Accompanied by dust and cobwebs, she glimmers.
Walls,
All suppressing powers pressing the emotions of her heart.

Fantasy,
The undeniable quelling force, a happiness in conspiracy with sloth.
Reality,
The truth, an improbability, it swings and then dares her to move.

Hatred,
The unsustainable that drowns the energy and all wonderful things that comes with it.
Love,
the constitution of life, the only freedom to her constricted soul.

Dreams,
Compelling, inviting her to jump in high waters, vulnerable and unarmed.
Verity,
The reasons that hold her back, and submerge her into a moment's thinking.

Fate,
Even in stagnation, one that inevitably sets her into motion.
Fervor,
Extinguishes all doubts and inspires the beauty to reach what she longs for.

The depth in which she reckons life and all its amazement,
The encompassment of all that which moves her,
All fact and fiction synthesized and mingled with her heart and mind,
And every in betweens, all of which, decreed to move her forth to where she ought to be.

ganda ng mga lolo't lolah mo sa colej? Sin ba itech ng mga active-turned-acad mode gromulas or sin ng COSHOA na nagchuchukchak chenes ng yes or no sa pag-aacredit ng mga orgs? Sayang naman kasi di ba? May I suggest naman na dapat i-monitor nila like fishbook kung online or offline ba ang mga istarirays ng colej.

Pompyang Numero Tres: Bulilit, bulilit, bulsa'y masikip?

Aside sa malamoniac na drama ni fafa ay win ang kanyang badminton racket sa kumikitang kabuhayang patok sa mga juwawang dayunyors. It's not only the fafable but pati ang ibang propressure na tubong lugaw in this season. Not only pala mental torture ang drama ng make-up offense sa mga beybes kundi ang pagbubutas ng Seiko wallet na maswerte nila dahil sa cash collecting racket ng mga thunders for horrorarium. Wat is the purpose of this? Wit naman collection like this ang ibang colejes and universiteis e? Wit ba duties ng mga respected thunders ang magsolar panels sa make-up offense ng mga dayunyors, aside sa mega demanding food request ni mommies and daddies? Buti na lang, me mga oh-so good Samaritans na nagreturn ng horrorariums dahil sa serbisyong totoo lamang niya. I salute thee oh dear sir, sana madami ang katulad mo sa balat ng she-oh-she.

Sa Pluma'y may Bilang

Emilyn Nunez

Piso…
Ilang piso ang ipantatakip sa aming mga mata?
Makatwiran bang magbulag-bulagan kami
sa kabila ng kasalukuyang magulong lipunan?
Tanggalin nalamang aming mata kung gayon ang sa tingin nila'y tama!

Daan…
Daang taon nang naghahari sa mundo ang mga mapagsamantala!
Paulit-ulit na nating nadarama kanilang paghampas sa'ming pagkatao.
Mangyari lamang tanggalin aming buhay nang sa gayo'y maging manhid.

Libo…
Libong ako na ang nakakita ng kalagayang ito.
Ngunit ano? Piniling manahimik, magkubkob at magtago sa dilim.
Mabuti pa'y alisin ang araw upang maging madilim nalamang habang buhay.

Milyon…
Milyong mamamayan na ang nagdurusa.
Nananatili parin ang ilan na saktan ang kanilang sarili
Kahit nakikita na nila ang milyong Juan na tinatapaktapakan.
Tinatapakan ng mga demonyong nasa taas ng tatsulok!

Kailan kaya magigising ang kanilang mga pluma at papel?
Ilalagay ba nila sa kanilang akda ang tunay na kaganapan sa bayan ni Juan?
O hahayanaang lamunin ng sistema silang mga inosente?

Hindi siguro mabuting tawagin kang manunulat kung walang katotohanan sa iyong isusulat.

Vol. VII No. 4
June 2009

Editoryal

Pathetic truth bending

Applause for the Philippine Justice System. The sarcastic move of the government to pacify the mouth of NBN ZTE deal Jun Lozada has reached the limits. The recent arresting of J.Lo via a perjury case filed by no less than the ever loyal former DENR secretary, Mike Defensor, is a clear manifestation of the muzzling of truth in our country.

Thanks to the ever ready Senate peeps that are willing to save J.Lo and the truth from being another item in a history book by Team La Gloria and her meddling kids. Whatever reasons the senate has for doing this, be it an attempt to salvage the truth through justice or a prelude to a propped up script for the 2010 elections, let's give them credit. They haven't done a right thing since yesterday, anyway.

Call it pathetic. Never were the Filipinos blind to not see the truth. This pathetic disarray of truth and justice is a big mishap for Filipinos, whatever social class they have. Affected in this very essence, the Filipinos need not stifle themselves for supporting the seek for truth.

If all truth talkers shall be jailed, then the president must be the only one immune of being lock up behind bars. This scene is a challenge. A challenge for every Filipino to stand up for the truth and to demand a better justice system amidst pathetic disarrays.

Food cut short

Karenina Claire Ramos

Malacañang proudly announced a 15% drop in hunger population, according to an SWS survey. They believed that it was through their efforts that resulted to the decrease of starvation among people, especially the underprivileged.

On the contrary, the IBON survey stated that the quantity of people who cannot afford to buy food increased as compared to last year. Now, do people still believe in those surveys? As long as there is financial crisis in the country, Filipinos can still feel the predicament of hunger. Or maybe, several have already deceased because of undernourishment.

How ironic to see catchy print ads on LRT and MRT stations indicating how the administration spreads their "charity virus" and what right foods people should eat to fight malnutrition, but people from lower-class cannot afford to buy necessary foods. How much funds do they spend for those tarpaulins when unfortunate people do not ride on LRT? Or worse, no-read, no-write people will understand it? Is it really proudly to say that their projects worked because of those campaign ads?

All these years and decades, food shortage is still an issue in the country. And of course, in connection to this is the spending of our national budget for the crisis. It has never been spent in a proper way.

W-H-I-T-E S-P-A-C-E

Kulang kasi kami sa mga dedicated members. Kaya kung may tinatago kang galing sa pagsulat, paggawa ng graphics o cartoon, pag-layout o di kaya pagpicture, punta na sa **Dakom office**, ang kwarto ni Doraemon.

Mga Natutunan sa Apat na Taon

Jan Meynard Nualla

Kapag ang isang estudyante ay nagtatapos, magaganda at mabubuting bagay lang ang laging napapansin. Siyempre, isa itong masayang okasyon kaya marapat lang na kalimutan ang mga pangit at nakakahiyang realidad sa likod ng kasiyahan. Ang mga dapat alalahanin ay ang masayang samahan, nalampasang pagsubok, at nakamtang tagumpay. Ngunit sa huling pagkakataong ito, hayaan ninyong bigyang pugay ko ang mga natakpang kaalaman na natutunan ng marami sa aming nagsipagtapos ngayong taon. Hayaan ninyong imulat ko kayo sa isang bahagi ng buhay-kolehiyo na tila bahagi na ng kultura ng isang unibersidad na tinaguriang "munting Pilipinas".

Isa sa mga una kong natutunan sa simula pa lang ng aking buhay-kolehiyo ay ang paggamit ng koneksyon. Maliban sa pagsingit-singit sa mga pila (na ginagawa ng ilan, o marahil ng karamihan), dapat ay mayroon kang "kaibigan" sa loob—mapa-Admissions, Accounting, o Registrar's Office man yan. Hindi na baleng mahuli yung nasa likod ng pila, basta ikaw, oks na oks.

At hindi lang sa pila ha, maging sa buong takbo ng iyong pag-aaral. Kapag paborito ka ng propesor, siguradong may dating yan sa marka mo, lalo na kung ang propesor mo ay kamag-anak o kaibigan ng pamilya mo. Pero siyempre, low-profile lang dapat. Ayaw mong isipin ng iba na may favoritism, kaya kaibiganin mo silang lahat. Bigyan mo sila ng dahilan para magka-utang na loob sa 'yo, nang sa gayon, sa bandang huli, kapag Magna cum Laude ka na sa tulong ng iyong koneksyon, walang makapapalag.

Sasabihin ko sa 'yo kung ano pa ang aking natutunan: ang pagboto para sa sikat (kahit hindi karapat-dapat) na tao. Kahit saan—class officers, Student Council, maging ang production staff ng gagawing music video o short film, o kaya naman ang editorial staff ng gagawing newsletter o magazine. Basta't maboka, magaling magpatawa, maraming ipinagmamalaking achievements, o kaya naman ay maganda o gwapo, pasok agad. Hindi mo na kailangang kilatisin kung ano ang attitude, basta type mo ang personality, pwede na.

Kaya pagdating ng oras, kapag natuklasan mong basura ang ibinoto mo, tahimik ka lang. Kahit di ka kayang ipagtanggol ng class president mo sa delinkwente nyong propesor na nagbagsak sa 'yo sa Algebra, o pinilit kang bumili ng librong di mo naman nahawakan, pabayaan mo lang. Kahit tambay lang sa opisina nila ang mga Student Council officers mo, at kung anu-anong mga gimik na proyekto lang ang ginagawa, imbes na ipagtanggol ang karapatan mo bilang estudyante laban sa mga mapanamantala na walang habas kang sinisingil at inaabuso, dedma ka lang. Kahit na ang direktor/production manager/editor-in-chief mo ay hambog, walang pakialam sa mas mababa ang puwesto sa kanya, o kaya ay hindi angkop ang kakayahan sa hawak na posisyon, tahimik ka pa rin. Nakakahiya kasi. Ikaw kaya ang bumoto diyan.

Ang isa pang natutunan ko ay ang pagbibigay ng buong tiwala sa lahat ng empleyado ng unibersidad na ito. Ang mga guro na pangalawa mong magulang, bibigyan ka ng marka hindi base sa iyong pinaghirapan, kundi dahil nagbigay ka ng money contribution o nag-donate ng printer sa kanilang opisina. Kung may problema ka sa ie-enrol mong subject, bibigyan ka ng advice ng chairperson mo. At kapag sinabi sa 'yo ng Registrar's Office na mali ang ginawa mo at kailangan mong gumastos muli para sa isa pang semestre,wala ka nang magagawa; hindi ka pwedeng magalit sa chairperson mo. Baka sabihan ka pang, "Doktor ako! Estudyante ka lang! [Ako ang may karapatan!]". Kapag naman may kailangan ka sa isang opisina, kunwari ay Dean's Office, Clinic, OSFA, o kaya ay Guardhouse, siguradong tatarayan ka o kaya ay pahihirapan nang walang dahilan. Protocol daw 'yun, bahagi yata ng code of ethics nila.

Sinasabi ko sa 'yo, ito ang unibersidad na nagpatunay sa akin ng mga "hidden talent" na dapat kong taglayin paglabas ko sa tunay na mundo: na walang puwang ang mabubuting asal na natutunan ko sa elementarya at hayskul; at pagiging tuso at sakim ang dapat pairalin. Ngayon ay isa na akong ganap na mamamahayag: hao-siao (o peke) na mamamahayag.

Kaya naman nais kong ihatid ang aking taos-pusong pasasalamat sa lahat ng taong kabilang sa dekalidad na sistema ng unibersidad na ito: ang administrasyon, na kinabibilangan ng mga opisyal na kakalusot pa lamang mula sa kanilang siyamnapung araw sanang suspensyon dahil sa kasong graft o pangungurakot; ang mga guro, na kinabibilangan ng mga 'Instructor' na nagkukunwaring 'Professor' at mga 'Doctor' na hindi kayang baybayin ang salitang "ellipsis"; ang mga guwardiya, na mabusisi sa kasuotan at I.D. ng mga estudyante subalit nakaligtaang protektahan ang mga ito mula sa mga nanloob na militar; ang mga kapwa kong estudyante, na sa sobrang ambisyon ay walang habas na nakakapandaya. Lahat kayo, at sa iba pang hindi ko na nabanggit, hayaan nyong baunin ko ang mga hindi mapapantayang aral na naibahagi ninyo sa akin patungo sa isang mas masukal at mapanganib na mundo sa labas ng paaralan. Siguradong sa susunod na kailanganin kong pumila, bumoto, o humingi ng payo, alam mo kung kanino lalapit at kung ano ang gagawin.

THE COMMUNICATOR
Serve the students, seek the truth
THE OFFICIAL STUDENT PUBLICATION OF PUP COLLEGE OF COMMUNICATION

PUP College of Communication Building, NDC Compound, Anonas St., Sta. Mesa, Manila

MEMBER
College Editors Guild of the Philippines (CEGP)
Alyansa ng Kabataang Mamamahayag (AKM-PUP)

Website
www.dakom.tk

Email
coc.dakom@yahoo.com

Serve the students, seek the truth

Editorial Board 2008-09

Editor in Chief Jerome Philip Ricamata
Associate Editor Jan Meynard Nualla
Managing Editor Anne Dominique delos Santos

News Editor Karenina Claire Ramos
Community Editor Patrick Jucutan
Literary Editor Kier Gideon Paolo Gapayao
Graphics Editor/ Artist Kit Isaiah Bernal

Layout Artists Kier Gideon Paolo Gapayao, Dianne Stephanie Pineda, Jan Meynard Nualla

Photographers Maricris Magno, Aldrin Rick Urbino

Staff Writers Arlyn Amboy, Lalaine Panganiban, Nathaniel Silvano, Emilyn Nunez, Karen Balmes